

Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 6

Sa pagbabalik kay Jacob at sa kanyang paghihirap sa Haran at sa mga bunga ng kanyang maramihang pag aasawa, ipagpapatuloy nating talakayin ang kanyang paghihirap at ang mga kapighatian na nakuha niya mula sa lahat ng maling pagpili, sa mga kasalanan at sa maramihang pag aasawa na isinangkot niya ang kanyang sarili at nalantad nang siya ay ipadala sa Haran, lalo na siya'y nag-iisa at inilagay at nagtrabaho sa ilalim ni Laban. Dati ay sinalita natin ang tungkol sa:

1. Ang pagdurusa ng pagsusumikap sa masamang kalagayan:

2. Maramihang pag aasawa, at maling pagpili sa pag aasawa at seksuwal na imoralidad:

3. Pagsamba sa mga Dios-diosan:

4. Ang mga batang walang magulang: “16 At sila'y naglakbay mula sa Bethel; at may kalayuan pa upang dumating sa Ephrata: at nagdamdam si Raquel, at siya'y naghihirap sa panganganak. 17 At nangyari, nang siya'y naghihirap sa panganganak, na sinabi sa kaniya ng hilot, Huwag kang matakot, sapagka't magkakaroon ka ng isa pang anak na lalake, 18 At nangyari, nang nalalagot ang kaniyang hininga (sapagka't namatay siya), ay kaniyang pinanganlang Benoni: datapuwa't pinanganlan ng kaniyang ama na Benjamin. 19 At namatay si Raquel at inilibing sa daang patungo sa Ephrata (na siyang Bethlehem). 20 At nagtayo si Jacob ng isang batong pinakaalaala sa ibabaw ng kaniyang libingan: na siyang batong pinakaalaala ng libingan ni Raquel hanggang ngayon.” (Genesis 31:16-20 KJV) Si Raquel ay namatay matapos niyang ipinagangak si Benjamin, at inilibing siya ni Jacob. Ngunit anong nangyari kay Benjamin, sino ang magbibigay sa kanya ng gatas, at paano siya lalaki at sino ang tatawagin niyang ina? Ang lahat ng ito ay ang masasakit na senaryo na makikita natin sa ating kaisipan mula sa mga tunay na pangyayari mula sa Kasulatan. Nasa ating mga kamay ang kinabukasan ng ating mga anak. Iyan ang sumpa na bumagsak kay Raquel dahil ninakaw niya ang mga dios ng kanyang ama tulad ng inihayag ito ni Jacob, “32 Kaya kung kanino mo masumpungan ang iyong mga dios, ay huwag mabuhay: sa harap ng ating mga kapatid ay iyong kilalanin kung anong mayroon akong iyo, at dalhin mo sa iyo. Sapagka't hindi nalalaman ni Jacob na si Raquel ang nagnakaw.” (Genesis 31:32 KJV) ang isa pang dahilan ng kamatayan ay ang kanyang kasalanan ng pagiging pangalawang asawa ni Jacob. Ang maling ginawa ni Jacob sa kanyang pangalawang pag aasawa na itinulak siya ng kanyang biyenan na nagdulot ng kamatayang iyon para linisin si Jacob mula sa kasalanan ng maramihang pag aasawa. Isa pang masakit na bagay na nais kong makita ninyo mula sa Banal na Kasulatan, na pagkatapos ng pagsilang ni Benjamin at marahil sa loob ng ilang buwan at wala pang isang taon, dumating si Jacob kasama ang kanyang pamilya sa lugar ni Isaac sa Hebron, at kung anong trahedyang haharapin ni Isaac na makita ang kanyang apo na sanggol at walang ina. Si Isaac ay nasa panahong iyon 167 taong gulang at nakita niya ang mga bunga ng pagpapadala kay Jacob nang mag isa sa Haran. Samakatuwid siya ay nabuhay sa kahapisan nakikita ang kanyang apo na walang ina. Ito ang ipinapakita ng Dios ay isang pelikula sa pamamagitan ng tunay na Salita ng Dios tulad ng pangyayaring ito ay naganap. Kung si Isaac ay nagpadala ng isang tao upang magdala ng isang asawa kay Jacob ay ipadala nila sa kanya si Lea na panganay na anak na babae ni Laban, at ang gayong problema na makita ang kanyang apo na ipinanganak nang walang ina hindi siya makakaligtas na makita. Kung inaayos ni Isaac ang pag aasawa ni Jacob gaya ng pag aayos ni Abraham sa kanyang pag aasawa kung gayon maliligtas sana si Jacob sa tatlumpong taon na mga kaguluhang pinagdaanan niya nang siya ay malayo sa kanyang ama at nagpatuloy sa pagdurusa hanggang sa natitirang bahagi ng kanyang buhay. **Makikita mo dito ang maling desisyon na gagawin mo sa pamumuno sa iyong mga anak ay babalik sa iyo at masasaktan ka. Hindi lang mga anak mo kundi pati mga apo mo maaapektuhan at masasaktan. Kunwari ikaw ang lola o lolo at nakikita mo ang iyong mga apo na walang ama o walang ina. Ngayon maraming mga bata ang nagdurusa sa gayong walang ama o walang ina.**

5. Inggit at paninibugho sa loob ng pamilya ni Jacob dahil sa kanyang pagtatangi sa pagitan ng kanyang mga anak na nagmula sa iba't ibang asawa dahil sa maraming kasal. Dahil pinaboran niya si Jose sa lahat dahil siya ay anak ng kanyang katandaan at mula sa pangalawang asawa niyang si Raquel, na nilingap niya kasya kay Lea, kinainggitan siya ng ibang mga kapatid gaya ng mababasa natin dito, “1 At tumahan si Jacob sa lupaing pinangibahang lupain ng kaniyang ama, sa lupain ng Canaan. 2 Ito ang lahi ni Jacob. Si Jose, na may labing pitong taon, ay nagpapastol ng kawan na kasama ng kaniyang mga kapatid; at siya'y batang kasamahan ng mga anak ni Bilha at ng mga anak ni Zilpa, na mga asawa ng kaniyang ama; at ibinalita ni Jose sa kanilang ama ang kasamaan nila. 3 Minamahal nga ni Israel si Jose ng higit kay sa lahat niyang anak, sapagka't siya ang anak ng kaniyang katandaan: at siya'y iginawa ng isang tunika na may sarisaring kulay. 4 At nakita ng kaniyang mga kapatid na siya'y minamahal ng kanilang ama ng higit kay sa lahat niyang kapatid; at siya'y kinapootan, at hindi nila mapagsalitaan siya ng payapa.” (Genesis 37:1-4 KJV) Sa wakas ay itinali nila siya at nais siyang patayin, ngunit sa huli'y ipinagbili siya sa mga Ismaelita at mga Midianita, “27 Halikayo, at atin siyang ipagbili sa mga Ismaelita, at huwag natin siyang pagbuhatan ng kamay; sapagka't siya'y ating kapatid, atin din laman. At dininig siya ng kaniyang mga kapatid. 28 At nagsisipagdaan ang mga mangangalakal na mga Midianita; at kanilang isinampa si Jose sa balon, at ipinagbili nila si Jose sa mga Ismaelita ng dalawang pung putol na pilak. At dinala si Jose sa Egipto.”

(Genesis 37:27-28 KJV) Ang mga kumuha ay ibinaba siya at ipinagbili siya sa mga Egipcio at iyon ang nagdulot ng malaking pananangis ni Jacob, **“34 At hinapak ni Jacob ang kaniyang mga suot, at kaniyang nilagyan ng magaspang na damit ang kaniyang mga balakang, at tinangisang maraming araw ang kaniyang anak. 35 At nagsitindig ang lahat niyang mga anak na lalake at babae upang siya’y aliwin; datapuwa’t tumanggi siyang maaliw; at kaniyang sinabi, Sapagka’t lulusong akong tumatangis sa aking anak hanggang sa Sheol. At tinangisan siya ng kaniyang ama.”** *(Genesis 37:34-35 KJV)* Ang mga anak na mula sa iba’t ibang mga kabiyak ay nagdudulot ng paninibugho, pag aalitan at pag aaway sa pagitan nila.

Ano sa palagay mo sa panahon ng pagkawala ni Jose, si Isaac ay buhay o patay na? Ilan sa inyo ang nagsasabi na siya ay buhay at ilan sa inyo ang nagsasabi sa inyo na siya’y patay na? Pakiusap hayaan ninyong malamang na upang ibigay sa iyo ang sagot:

Sa *Genesis 37*, sa pagkakasunod sunod ay matapos ng pagkamatay ni Isaac, **“29 At nalagot ang hininga ni Isaac at namatay, at siya’y nalakip sa kaniyang bayan, matanda at puspos ng mga araw: at inilibing siya ng kaniyang mga anak na si Esau at si Jacob.”** *(Genesis 35:29 KJV)* ngunit sa katotohanan ang pangyayari sa *Genesis 37* ay nangyari bago ang pagkamatay ni Isaac. Ang pangyayaring iyon ng pagkawala ni Jose ay nangyari sa huling labindalawang taon sa buhay ni Isaac, kaya nasaksihan ni Isaac ang pagkawala ng kanyang apo na si Jose. Kung tumanggi si Isaac na ipadala si Jacob sa Haran kung gayon ang lahat ng mga kaguluhang ito ay hindi magaganap. **Kaya maging may kamalayan tungkol sa kahalagahan ng paninindigan sa pananampalataya at matutong magsabi ng ‘Hindi’ sa mga bagay na sumasalungat sa Salita ng Dios.** Hindi lamang dinanas ni Isaac ang pagkawala ni Jose kundi pati na rin ang sakit para sa kanyang sariling anak na si Jacob na tumangging mapanatag at nais nang bumaba sa libingan hanggang sa kanyang anak na nagdadalamhati. Malamang na patay na si Rebeca dahil sa sumpa na nahulog sa kanya, ngunit si Isaac na buhay ay nababagabag ng gayong masakit na pangyayari; Si Benjamin na walang ina at ang kanyang kapatid na si Jose ay nawala, at si Jacob na anak ni Isaac ay nais na pumunta sa libingan para kay Jose. Ang ilan ay iniisip nila na si Rebeca lamang ang tinutukoy ko. Hindi tama iyon. Hindi lamang ako nagsasalita tungkol sa mga kasalanan ni Rebeca kundi pati na rin ang pagkakamali na ginawa ni Isaac. Sinusuri natin ang kakulangan ng bawat isa sa kanila at ipaliwanag ang mga ito upang makapag aral tayo at maiwasan ang paggawa nito. *** Napakahirap na panahon ang lilipas sa atin kung hindi tayo marunong kumilos. * Aayusin ng Dios ang mga pangyayari para ipakita sa iyo ang bunga ng iyong mga pagkakamali at maling desisyon para magsisi ka at turuan ang iba na huwag gawin ang gayon.** Naniniwala ako na nilinaw ng Dios kay Isaac kung siya ang nag ayos ng pag aasawa ni Jacob, kung gayon si Lea ang magiging asawa at walang iba pang mga senaryo na si Jacob ay mapapasa kaguluhan. **Ang Dios ay masigasig na ipakita sa iyo ang bung at ang mga kahihinatnan ng iyong mga kasalanan at ang iyong mga maling desisyon.**

Bakit napakasakit kay Jacob ang pagkawala ni Jose, dahil ang batang lalaking iyong ay maraming talentO, hindi lamang nakikita niya at kayang ipaliwanag ang mga panaginip at gumawa ng mabubuting gawain sa iba’t ibang lugar at maganda siyang lalaki kundi siya ay maasahang tao na maasahanan at mapagkakatiwalaan mo na gaganap sa tungkulin. **“13 At sinabi ni Israel kay Jose, Di ba nagpapastol ng kawan sa Sichem ang iyong mga kapatid? Halika, at uutusan kita sa kanila. At sinabi niya sa kaniya, Narito ako. 14 At kaniyang sinabi sa kaniya, Yumaon ka, tingnan mo kung mabuti ang lagay ng iyong mga kapatid, at kung mabuti ang lagay ng kawan; at balitaan mo ako. Gayon sinugo siya mula sa libis ng Hebron, at siya’y naparoon sa Sichem. 15 At nasumpungan siya ng isang tao, at, narito, na siya’y naggagala sa parang; at siya’y tinanong ng taong yaon, na sinasabi, Anong hinahanap mo? 16 At kaniyang sinabi, Hinahanap ko ang aking mga kapatid; ipinamamanhik ko sa iyo na sabihin mo sa akin kung saan sila nagpapastol. 17 At sinabi ng tao, Nagsialis na sila: sapagka’t narinig kong kanilang sinabi, Tayo na sa Dotan. At sinundan ni Jose ang kaniyang mga kapatid, at nasumpungan niya sila sa Dotan.”** *(Genesis 37:13-17 KJV)* Ang pagitan sa Hebron mula sa kung nasaan si Jose sa Sechem ay 95 na kilometro, at ang pagitan mula sa Sechem sa Dothan ay 19 na kilometro, at nilakbay ni Jose ang lahat ng distansyang iyon na 114 kilometrong paglalakad nang walang kabayo o nakasakay sa asno, at siya ay labing pitong taong gulang pa lamang. Kaya naman nang mawala siya ay malaking dagok sa kanyang ama ang pagtanggap ng pagkawala ng naturang tao.

6. Ang kahirapan sa panahon ng taggutom at ito’y sinundan ng pagkaalipin: Paano ito nangyari kay Jacob? Nangyari iyan nang dumating ang taggutom. Madaling naapektuhan si Jacob ng taggutom na nangyari sa Canaan dahil sa dami ng mga anak na nakuha niya mula sa apat na asawa, na may labintatlong anak, at kasama nila ang kanilang mga pamilya na nagdagdag ng higit pang mga pasanin kay Jacob. Ang kanyang mga asawa, sina Lea at Raquel, ay nakikipagpaligsahan sa pagitan ng kanilang sarili upang magkaroon ng mas maraming mga anak upang makuha ang pabor ni Jacob sa kanila, ngunit hindi nila alam na ang bawat bagong bata ay isang bagong bibig na kailangan ni Jacob na pakainin, at hindi nila alam na ang kanilang mga anak sa hinaharap ay magbabanta ng kamatayan dahil sa taggutom. Kaya naman idirekta siya ng Dios na ipadala ang kanyang mga anak upang bumili ng pagkain sa Egipto. Makikita natin dito ang banta ng kamatayan at mula sa bibig ni Jacob, **“1 Nabalitaan nga ni Jacob na may trigo sa Egipto, at sinabi ni Jacob sa kaniyang mga anak, Bakit kayo nangagtitinginan? 2 At kaniyang sinabi, Narito, aking narinig na may trigo sa Egipto: bumaba kayo roon, at**

bumili kayo roon ng sa ganang atin, upang tayo'y mabuhay at huwag mamatay.” (Genesis 42:1-2 KJV) Kaya naman sa huli’y inutusan siya ng Dios na bumaba sa Egipto upang matustusan sila roon sa mga taon ng taggutom, **“1 At si Israel ay naglakbay na dala ang lahat niyang tinatangkilik, at napasa Beerseba, at naghandog ng mga hain sa Dios ng kaniyang amang si Isaac. 2 At kinausap ng Dios si Israel sa mga panaginip sa gabi, at sinabi, Jacob, Jacob. At sinabi niya, Narito ako: 3 At kaniyang sinabi, Ako’y Dios, ang Dios ng iyong ama, huwag kang matakot na bumaba sa Egipto: sapagka’t doo’y gagawin kitang isang dakilang bansa: 4 Ako’y bababang kasama mo sa Egipto; at tunay na iaahon kita uli, at ipapatong ni Jose ang kaniyang kamay sa iyong mga mata. 5 At bumangon si Jacob mula sa Beerseba; at dinala ng mga anak ni Israel si Jacob na kanilang ama, at ang kanilang mga bata, at ang kanilang mga asawa, sa mga kariton na ipinadala ni Faraon kay Jacob. 6 At kanilang dinala ang kanilang mga hayop, at ang kanilang mga pag-aari na kanilang inimpok sa lupain ng Canaan, at na pasa Egipto, si Jacob at ang buong binhi niya na kasama niya.” (Genesis 46:1-6 KJV)**

Habang ang kanyang amang si Isaac ay naalalayan sa panahon ng taggutom sa kanyang panahon kasama ang kanyang dalawang anak, at ang Dios ay naglaan para sa kanya at hindi siya ipinadala sa Egipto ngunit hiniling sa kanya na manatili sa lupain ng Canaan. **“1 At nagkagutom sa lupain, bukod sa unang pagkagutom na nangyari ng mga araw ni Abraham. At naparoon si Isaac kay Abimelech, na hari ng mga Filisteo sa Gerar. 2 At napakita ang Panginoon sa kaniya, at nagsabi, Huwag kang bumaba sa Egipto; matira ka sa lupaing aking sasabihin sa iyo: 3 Matira ka sa lupaing ito, at ako’y sasa iyo, at ikaw ay aking pagpapalain; sapagka’t sa iyo at sa iyong binhi ay ibibigay ko ang lahat ng lupaing ito, at pagtitibayin ko ang sumpang aking isinumpa kay Abraham na iyong ama; 4 At aking pararamihin ang iyong binhi na gaya ng mga bituin sa langit, at ibibigay ko sa iyong binhi ang lahat ng lupaing ito: at pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa;” (Genesis 26:1-4 KJV)**

Maari mong sabihin sa akin na sinabi ng Dios kay Abram na ng kanyang binhi ay magiging dayuhan sa isang bansa at maglilingkod sa bansa at gayon ang naganap kay Jacob upang tuparin ang sinabi ng Dios, **“13 At sinabi ng Dios kay Abram, Tunay na pakatalastasin mo, na ang iyong binhi ay magiging taga ibang bayan sa lupaing hindi kanila, at mangaglilingkod sa mga yaon; at pahihirapang apat na raang taon. 14 At yaon namang bansang kanilang paglilingkuran ay aking hahatulan: at pagkatapos ay aalis silang may malaking pag-aari.” (Genesis 15:13-14 KJV)** Ngunit sinabi iyon ng Dios dahil batid Niya ang gagawin ni Jacob sa kanyang apat na pag aasawa at maraming mga anak, at kaya karapat dapat na mapasa gayong kalagayan at mangailangan at ang kanyang mga inapo ay maging alipin sa ilalim ng mga Egipcio at kalauna’y kapag sila’y umiyak sa Dios kung gayon ay ililigtas Niya sila.

Nagtrabaho nang husto si Jacob sa loob ng dalawampung taon at tiyak na kinuha niya ang mga pagpapala mula sa kanyang ama at nakakuha ng mana ngunit nang dumating ang taggutom ay hindi siya nakatayo. Bakit? Ipaliwanag natin ang sagot: Mas madali para sa isang lalaki na suportahan ang isang pamilya o apat na pamilya? Siyempre mas madaling suportahan ang isang pamilya. Mas madali para sa lalaki na suportahan ang isang asawa o apat na asawa? Mas madaling suportahan ang isang asawa. Kung si Jacob ay nagpakasal lamang kay Lea ay walong bibig lamang ang kanyang ipapakain ngunit sa kanyang pag aasawa sa iba ay kailangan niyang pakainin bukod pa rito ay siyam pang bibig at kabuuang labing pitong tao. Hindi lang iyon, nakikipagpaligsahan ang mga asawa sa isa’t isa na magsisilang ng mas maraming anak. Walang pagpapalain ng pamilya, ni pagpipigil sa kapanganakan. Kung si Lea lang ang maaring mas kaunti ang anak niya. **At hindi pagpapalain ng Dios dahil sa gayong kasalanan.** Sa huli’y nadala si Jacob sa kahirapan at napilitang sumama sa kanila pababa sa Egipto at doon ay naging alipin ng mga Egipcio na nagpakain sa kanila sa panahon ng kanilang kahirapan at gutom at kalaunana’y inilagay sa ilalim ng pagkaalipin. **Ganito darating ang kahirapan sa mga tao.** Si Isaac ay napakayaman at napakalaki at malaki ang kanyang kamalig ng mga lingkod ngunit ang kanyang mga apo ay mahirap at sa huli ang kanilang mga anak at inapo ay naging mga alipin at alipin sa Egipto.

Naniniwala ako kung hindi nangyari ang ganyan sa pamilya ni Isaac at hindi ipinadala si Jacob sa Haran at kung si Jacob ay nag asawa alinsunod sa kalooban ng Dios, kung gayon siya ay maliligtas sa taggutom tulad nina Abraham at Isaac na naligtas sa panahon ng taggutom.

Kung babalikan natin ang tuntuin ng Dios sa aklat ng Genesis mababasa natin ang mga sumusunod: **“27 At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang niya sila na lalake at babae. 28 At sila’y binasbasan ng Dios, at sa kanila’y sinabi ng Dios, Kayo’y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa’t hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa.” (Genesis 1:27-28 KJV)** Bagaman sinabi ng Dios sa kanila na magpalaanakin, magpakarami, at kalatan ang lupa ngunit ginawa ng Dios ang isang asawa para kay Adam. Bakit? Upang mapanatili ang kontrol sa bilis ng pagtaas na itinakda ng Dios sa lupa. **Mas maraming mga kabiyak ang manganganak para sa mas maraming mga bata, habang ang mga mapagkukunan ng lupa ay nakapirmi. Ano ang mangyayari sa maramihang pag aasawa, diborsyo at muling pag aasawa, ang mga solong magulang ay mag aasawa hindi sa**

magulang ng kanilang mga anak, ang lahat ng iyon ay hahantong sa pagtaas ng populasyon sa mas maikling panahon. Dalawang anak mula sa unang kabiyaq, dalawa sa isa, isang anak dito, tatlong anak doon kaya dumami ang populasyon, at kaya darating ang taggutom, pagkatapos, kahirapan at ang mga tao'y magsisimulang mangailangan. Ang kasunod na hakbang pagkatapos noon, paninibugho at inggit, pag iimbot, pagnanakaw, pakikipag away at digmaan at ang bilang ng pagkamatay ay tumataas para mabawasan ang populasyon, at iyon ang nangyayari sa mundo ngayon. Ito rin ang kailangan na ipatupad ang pagkokontrol sa panganganak, pagpapalano ng pamilya, upang makontrol iyon sa gayo'y hindi makarating ang kahirapan sa ating mga anak at inapo.

Sa aking Mahal at Minamahal: Sa palagay mo ba kung pinag-isipang mabuti ni Rebeca ang lahat ng iyon ay magtutulak kay Jacob na dayain ang kanyang ama? Hindi hindi niya. Naisip niya na kapag natanggap na niya ang pagpapala mula sa kanyang ama ay magiging maayos ang lahat ng bagay sa bata. **Ngunit napaka mali niyon. Ang katotohanan ay hindi pagpapalain ng Dios ang kasalanan.**

Ito ay narito ang parehong ng domino epekto, kapag maliit na tile ng malaking bilang ng dominos nakaayos sa isang paraan na hayaan mo ang isa sa kanila mahulog ay magdadala ng patuloy na pagbagsak ng natitirang bahagi ng mga piraso ng domino sa paggawa ng mas malaki at mas mabilis na tugon. Itinulak ni Rebeca si Jacob upang dayain ang kanyang ama, nagsimula ang mga problema sa pamilya, si Jacob ay pinagbantaan na papaslangin, si Isaac ay nalilito o pinipilit ng asawa ay gumawa ng mali at isinugo si Jacob sa Haran at isinugo siyang mag isa, doon siya nagdusa nang labis, nagkasala laban sa Dios na gumawa ng poligamya, malupit na pinarusahan ng Dios dahil sa gayong kasalanan, ginahasa ang kanyang anak na babae at ang kanyang sariling anak na lalaki ay dumihan ang kanyang ikatlong asawa, Si Raquel na kanyang pangalawang asawa ay namatay, si Benjamin ay ipinanganak na walang ina, ang pamilya ni Jacob ay nahawaan ng mga dios-diosan, mga paninibugho at pag aalitan sa kanyang mga anak, si Jose ay nawala, dumating ang taggutom, hindi na nakatiis si Jacob sa pangangailangan dahil sa laki ng kanyang pamilya, napilitan silang pumunta sa Egipto. Naging mahirap silang mga tao, binigyan sila ng pagkain ng mga Egipcio at tinugunan ang kanilang mga pangangailangan ngunit kalauna'y inalipin sila, naging mga alipin at inilagay sila sa ilalim ng hiwa hiwalay na pagkaalipin. Ganito nangyayari ng paulit-ulot na kahirapan sa mundo dahil sa epekto ng kasalanan.

Hangal ka, ito rin ang parehong patibong na meron ka, at iniisip kapag nagkamali ka ay walang epekto at magiging maayos sa sarili mo at sa mga anak mo. Hindi tama iyan at kailangan mong magsisi sa mga ganyan. Panibagon ang iyong isip mula sa mga ganyan at hayaang maging malinaw sa iyo: Kung nais mong mapalad ang iyong mga anak kung gayon ay magpakabait, itigil ang paggawa ng mali at itigil ang pagtulak sa kanila na gumawa ng mali. Gawin ang tama at itulak ang iyong mga anak na gawin ang tama upang maging maayos ang mga bagay bagay sa iyo at sa kanila.

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay at binigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa lahat ng aral, pagtutuwid at ang mga pagpapayo na tinanggap ko sa mensaheg ito.

Magsisi ngayon at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi sa iyong pagsuway, naantalang pagsuway at katigasan mo ng ulo, Magsisi sa paggawa ng sarili mong kagustuhan at plano at hindi ang kalooban at plano ng Dios. Magsisi sa iyong pagnanasa at sa iyong imoralidad. Magsisi sa lahat ng iyong mga dios-diosan. Magsisi at talikdan ang iyong kawalang ingat na kunin ang buong responsibilidad para sa iyong mga anak sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila palayo sa iyo sa mga mapanganib na lugar at sa mga mapanganib na tao. Magsisi sa iyong hindi pagpayag na manindigan nang matatag sa katotohanan. Magsisi sa iyong walang kagustuhang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako at tinatangihan ang mga sumusunod na kasalanan _____

Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na maingat na isaalang alang ang aking mga pagpapasya at naayon sa iyong Salita at naayon sa iyong kalooban upang maiwasan ng mga kaguluhan. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na aalagaan ko ang aking mga anak at bantayan sila sa kanilang buhay at hindi sila ilalagay sa panganib. Panginoon nagtitiwala ako sa iyo na sa pagsunod ko sa iyo ay pagpapalain mo ang aking mga anak at bibigyan sila ng magandang kinabukasan.

Panginoon, salamat sa mga Kapatid ko na ipinangako ang kanilang buhay para gawin ang kalooban mo, Panginoon pagpalain sila at protektahan kasama ang kanilang pamilya at mga anak. Panginoon gamitin ang kanilang buhay bilang mabuting patotoo sa iba para sumunod sa iyo.

Panginoon tulungan mo kami bilang iyong simbahan na patuloy na magturo ng iyong Salita at gabayan ang iyongbayan sa iyong kalooban. Panginoon patnubayan kami ng Banal na Espiritu upang magpatuloy at mag ebanghelyo, at gumawa ng mga disipulo at sanayin ang mga manggagawa na yumaon at magtanim ng mga

bagong pag aaral sa Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios. Panginoon kunin ang mensahe at ipalaganap ito upang magdala ng bunga na nais mo. Panginoon ihanda kami para sa iyong pagparito upang sumama sa iyo kapag pumarito ka. Panginoon pagpalain kami, palawakin an gaming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Kinabukasan ng ating mga Anak ay nasa ating mga Kamay Yugto 6. Genesis 35:16-20. Genesis 31:32. Genesis 37:1-4, 27-28, 34-35. Genesis 35:29. Genesis 37:13-17. Genesis 42:1-2. Genesis 46:1-6. Genesis 26:1-4. Genesis 15:13-14. Genesis 1:27-28.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com